ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

PILISALITA (PILIPIT DILA): PAGPAPAUNLAD NG KASANAYAN SA PAGBIGKAS SA WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKA-8 BAITANG SAASUNCION NATIONAL HIGHSCHOOL

Angelyn B. Callio[1], Ma. Claudeth U. Lamatan[2], Shyrine Waing[3]
[1] *https://orcid.org/0009-0005-8763-0199,*
[2] *https://orcid.org/0009-0007-7712-0085,*
[3] *https://orcid.org/0009-0001-9239-9746*
[1,2,3]*Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22610
DOI No: 10.36713/epra22610

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay tumatalakay sa bisa ng interbensyong PiliSalita Pilipit Dila bilang estratehiya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbigkas sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-8 baitang ng Asuncion National High School. Layunin ng pag-aaral na matukoy ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagbigkas bago at pagkatapos ipatupad ang interbensyon, at suriin kung may makabuluhang pagbabago sa kanilang kasanayan. Gumamit ang mga mananaliksik ng pre-eksperimental na disenyo kung saan isang seksyon ng ika-8 baitang na binubuo ng 27 mag-aaral ang sumailalim sa pre-test, implementasyon ng interbensyon, at post-test. Ang PiliSalita Pilipit Dila ay isang interaktibong gawain na naglalayong mapabuti ang pagbigkas ng mga mag-aaral at mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga salita kung saan ang bawat bagong salita ay nagsisimula sa huling letra ng naunang salita. Batay sa resulta ng pag-aaral, natukoy na may positibong epekto ang interbensyon sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbigkas ng mga mag-aaral, $t(29)=23.92$, $p<.001$. Ipinapakita nito na epektibo ang PiliSalita Pilipit Dila bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagbigkas sa wikang Filipino. Bukod dito, iminungkahi na ang mga tagapagturo ay maglaan ng karagdagang atensyon sa pagpapabuti ng organisasyon, nilalaman, bokabularyo, pamamaraan, at wikang ginamit ng mga mag-aaral sa pagbigkas sa pamamagitan ng iba't ibang angkop na interbensyon upang lalo pang mapaunlad ang kanilang kasanayan. Ang pag-aaral ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng makabagong estratehiya upang matugunan ang mga hamon sa pagkatuto ng wika at mapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino.

SUSING SALITA: *PiliSalita Pilipit Dila, Wastong Pagbigkas, Pagsusulit sa Pagbigkas sa wikang Filipino, Mag-aaral sa Baitang 8*

INTRODUKSYON

Ang PiliSalita Pilipit Dila ay isang interbensyon na layuning paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino, lalo na sa tamang pagbigkas. Tinutulungan nito ang mga mag-aaral na malinaw na maipahayag ang kanilang ideya at mapalawak ang bokabularyo (Riadil, 2020). Sa pamamagitan ng ganitong aktibidad, nagkakaroon sila ng mas malinaw, tiyak, at may tiwalang komunikasyon, na mahalaga sa makabuluhang pagkatuto at pakikipag-ugnayan (Puspita et al., 2023). Bukod pa rito, mas epektibo ang estratehiyang ito sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita, lalo na sa katumpakan at kasanayan *(fluency)* sa pagsasalita, kumpara sa estratehiyang direktang interaksyon. Batay sa mga isinagawang pagsasalita ng mga mag-aaral, makikita na naiintindihan na nila ang kahalagahan ng pagsasalita bilang kasanayang pangkomunikasyon. Dagdag pa rito, mas natural na ang tunog ng kanilang pananalita, na nagpapakita ng pag-unlad sa kanilang pagbigkas at kumpiyansa sa paggamit ng wika (Ara et al., 2021)

Sa kabilang dako naman sa Timog-Silangang Asya, partikular sa Indonesia, Thailand, at Vietnam, patuloy na nahaharap ang mga mag-aaral sa malaking hamon sa pagkatuto ng tamang pagbigkas ng Ingles, na nagiging sagabal sa kanilang kakayahang magsalita nang malinaw at epektibo. Sa Indonesia, bagamat mahusay ang kanilang kasanayan sa pagsulat, nahihirapan ang mga mag-aaral na mailapat ang wastong pagbigkas at terminolohiya sa aktwal na pagsasalita, na naglilimita sa malinaw na pagpapahayag ng mga ideya (Zaim & Arsyad, 2020). Sa Thailand naman, mababa ang kumpiyansa ng mga mag-aaral dahil sa takot na magkamali sa pagbigkas, na nagreresulta sa kakulangan ng aktibong partisipasyon at epektibong komunikasyon sa klase (Suksiri & Chantarasombat, 2019). Samantala, sa Vietnam, ang di-tugmang ugnayan ng alpabetong Ingles at katutubong tunog ay nagpapahirap sa mga mag-aaral na maipamalas ang tamang pagbigkas ng mga salita (Nguyen, 2021).

Sa Pilipinas, isa sa mga pangunahing suliranin sa pagbigkas ng Filipino ay ang kakulangan sa exposure sa wika, lalo na sa mga rehiyong tulad ng Masbate, Lanao del Sur, at Ifugao. Sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Masbate, karaniwang ginagamit ng mga mag-aaral ang Masbateño o Cebuano, kaya nahihirapan silang makamit ang tamang pagbigkas ng Filipino, na pinalalala pa ng kakulangan sa aklat at learning materials pati na rin ang mataas na antas ng illiteracy (Gumba, 2022). Sa Lanao del Sur, ang pangunahing wika ay Maranao, kaya hindi madalas magamit ang Filipino, na nagreresulta sa mababang kasanayan sa pagbigkas at pagsasalita; dagdag pa rito ang kakulangan ng mga gurong bihasa sa mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbigkas (Sunio, 2023). Ganito rin ang sitwasyon sa Ifugao, kung saan ang katutubong wika ang pangunahing gamit, kaya hindi sanay ang mga mag-aaral sa tamang tunog at diin ng Filipino, at kulang din ang mga guro sa kaalaman sa mga epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbigkas (Reyes & Dela Cruz, 2021). Ang mga suliraning ito ay nagpapakita ng pangangailangan ng mas sistematikong suporta sa pagtuturo ng tamang pagbigkas ng Filipino sa mga rehiyong may katutubong wika.

Bagaman may mga umiiral nang pag-aaral nina Kusumawardani (2022) at Aibek (2021) na tumatalakay sa bisa ng *Reading Aloud* at *Distance Learning* sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita ng Ingles, kapansin-pansin ang kakulangan ng pananaliksik na nakatuon sa wikang Filipino, lalo na sa mga rehiyong may matinding impluwensiya ng iba't ibang wika gaya ng Davao del Norte. Sa pananaliksik ni Tran (2024) *Common English pronunciation problems among Vietnamese learners: A case of non-English majors*, napatunayang epektibo ang paggamit ng teknolohiya at mga kawili-wiling gawain tulad ng laro at musika sa pagpapabuti ng pagbigkas at pagbawas ng kaba. Gayundin, ipinakita sa pag-aaral nina Barrun J.S. et al. (2023) *Teacher-Mediated Pronunciation Instruction: Its Effects on Enhancing the Oral Language Fluency of Seventh-Grade English Students* na ang larong pangwika ay nakatutulong sa pagsasanay sa pagbigkas, pakikinig, at pagbabaybay. Gayunpaman, wala pang sapat na datos o interbensyon na gumagamit ng Pilipit Dila bilang estratehiya sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita ng Filipino sa sekondaryang antas, partikular sa mga mag-aaral sa ikawalong baitang.

Ang kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Asuncion National High School ay may seryosong implikasyon sa kanilang pang-akademikong pagganap at sa kanilang kakayahang makipagtalastasan sa kapwa, lalo na sa mga sitwasyong nangangailangan ng malinaw at tiyak na pagpapahayag ng opinyon at ideya. Sa kontekstong lokal ng Davao del Norte, kung saan matindi ang impluwensiya ng iba’t ibang wika at ng conyo, lalo pang nalalagay sa panganib ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino. Kapag hindi ito agad nabigyan ng pansin, maaari nilang tuluyang mawala ang kumpiyansa sa sarili sa pagsasalita, at maputol ang ugnayan nila sa wikang pambansa. Kaya't napakahalaga ng agarang interbensyon upang mapaunlad ang kanilang kakayahang bumigkas at magpahayag sa Filipino upang higit na mapaunlad, hindi lamang bilang akademikong kasanayan, kundi bilang mahalagang bahagi ng kanilang personal na pag-unlad at makabayang pagkakakilanlan.

Layunin ng Pag-aaral

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay matukoy at malaman ang bisa ng Tanikalang Salita: pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbigkas sa wikang Filipino bilang interbensyon upang sanayin ang kakayahan sa pagbigkas sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-8 na baitang. Ang mga katanungan sa pananaliksik na magiging gabay sa pag-aaral na ito ay ang sumusunod:

1. Ano ang antas ng kahusayan sa Pagbigkas sa wikang Filipino ng mga mag-aaral ng ika-8 baitang bago ipatupad ang interbensyong?
2. Ano ang antas ng kahusayan sa pagbigkas sa wikang Filipino ng mga mag-aaral ng ika-8 baitang pagkatapos ipatutupad ang interbensyon?
3. May makabuluhang pagkakaiba ng kahusayan sa pagbigkas sa wikang Filipino bago at pagkatapos ipatutupad ang interbensyon?
4. Ano-ano ang pananaw ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng interbensyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbigkas sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-8 baitang?

Inobasyon, Interbensyon, at Estratehiya

Ang *PiliSalita Pilipit Dila* ay isang masaya at kapana-panabik na estratehiya na ginamit bilang interbensyon upang mapahusay ang kasanayan sa pagbigkas sa wikang Filipino. Sa ehersisyong ito, bumuo ang mga mag-aaral ng serye ng mga salita kung saan ang bawat salita ay may parehong tunog ng patinig at katinig. Sa pamamagitan ng pagsasanay na ito, napahusay ang kanilang pag-unawa, pagbigkas, at kumpiyansa sa paggamit ng wika, na nagresulta sa mas malinaw at tuloy-tuloy na daloy ng pagsasalita. Bukod dito, inangkop ng mga mananaliksik ang antas ng kahirapan ng gawain sa pamamagitan ng paggamit ng mga partikular na kategorya o paksa tulad ng mga hayop, kulay, at iba pang terminolohiyang naaayon sa antas ng kasanayan ng mga estudyante.

Bago isinagawa ang interbensyon, tiniyak ng mga mananaliksik ang maayos at sistematikong implementasyon ng programa. Bilang unang hakbang, nakipag-ugnayan sila sa punong-guro ng paaralan upang ipaliwanag ang layunin at kahalagahan ng *PiliSalita Pilipit Dila* bilang isang interbensyong naglalayong paunlarin ang kasanayan sa pagbigkas ng wikang Filipino ng mga mag-aaral. Sa tulong ng punong-guro, naiparating ang mahalagang impormasyon sa mga guro at mag-aaral sa ika-8 baitang upang matiyak ang kanilang kaalaman at aktibong pakikiisa sa programa.

Isinagawa rin ang isang pagpupulong kasama ang mga partisipante upang talakayin ang *School Improvement Plan (SIP)*. Pinangunahan ito ng mga administrador at guro upang ipabatid ang kahalagahan at layunin ng interbensyon. Sumunod dito, isinagawa ang isang oryentasyon para sa mga mag-aaral upang maipaliwanag nang malinaw ang mga layunin, pamamaraan, at intensyon ng pag-aaral gamit ang wikang kanilang naiintindihan. Sa parehong pagkakataon, kinuha rin ang kanilang pahintulot bilang mga kalahok at isinasaalang-alang ang kanilang iskedyul upang maiwasan ang sagabal sa regular na pag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ipinatupad ang interbensyon tuwing Biyernes ng umaga sa takdang oras ng klase na 8:00 AM, sa loob ng apat na linggo. Inilalaan ang ilang oras mula sa klase upang isagawa ang mga aktibidad na bahagi ng *PiliSalita Pilipit Dila*. Sa bawat sesyon, sinuri ang kakayahan ng mga mag-aaral na unawain at sundan ang mga hakbang sa pagsasanay. Layunin nitong maituro at maipaliwanag sa kanila ang wastong pagbigkas ng mga piling salita sa wikang Filipino. Sa buong panahon ng implementasyon, tiniyak ng mga mananaliksik na mahigpit na nasunod ang lahat ng alituntunin sa kaligtasan at kalusugan upang maprotektahan ang kapakanan ng mga kalahok.

Upang matiyak ang kapakanan ng mga partisipante, magsasagawa ng masusing talakayan tungkol sa mga benepisyo ng interbensyon, lalo na para sa mga mag-aaral sa ika-8 baitang. Ang interbensyon ay idinisenyo upang maging gabay sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbigkas ng wikang Filipino, na may positibong epekto sa kanilang pang-akademikong pagganap. Kasabay nito, titiyakin ng mga mananaliksik na ang lahat ng kinakailangang protokol sa kaligtasan at kalusugan ay mahigpit na ipatutupad upang mapanatili ang kapakanan ng mga kalahok.

Matapos ang apat na linggong implementasyon at pangangalap ng datos hinggil sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbigkas, nagsagawa ng isang pagpupulong ang mga mananaliksik kasama ang mga administrador at guro. Tinalakay sa pulong na ito ang naging resulta ng interbensyon, kabilang ang mga natukoy na tagumpay at ang mga aspeto na maaari pang pagbutihin. Layunin ng pagsusuring ito na higit pang mapalalim ang estratehiyang maaaring gamitin sa hinaharap upang patuloy na mapaunlad ang kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa paaralan.

Haypotesis

Ang null haypotesis na kung saan ay sinukat sa 0.05 na antas ng katiyakan ay nagsasaad na walang tiyak na pagkakaiba sa kahusayan ng mag-aaral sa pagbigkas bago at pagkatapos ipatutupad ang interbensyong Pilisalita (Pilipit dila): Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbigkas sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-8 na baitang sa Asuncion National High School.

Unang Linggo	Ikalawa hanggang Ikatlong Linggo	Ikaapat hanggang Ikalimang Linggo
Pokus: Ang bawat mag-aaral ay bibigyan ng iisang kopya ng maikling kuwento (napiling kuwento ng guro).upang basahin at bigkasin Ang mga mahahalagang salita . • Maipamalas ng mga mag-aaral ang kasanayan sa pagbasa at tamang pagbigkas ng mga salita mula sa isang maikling kuwento. • Makabasa nang wasto at may tamang bigkas ng mga salita mula sa isang maikling kuwento. • Maipakita ang wastong damdamin at intonasyon sa pagbasa.	Pokus: Hatiin ang klase sa mga pangkat (3–5 mag-aaral bawat isa) upang basahin at bigkasin ang isang maikling kuwento. • Mahasa sa pagbasa nang may damdamin at tamang bigkas • Mahikayat ang kooperasyon sa grupo sa pamamagitan ng pagbabahagi ng tungkulin sa pagbabasa at pagbigkas. • Makapagsanay sa pakikinig at pagbibigay ng puna sa kasamahan sa maayos na paraan.	Pokus: Sa Bawat pangkat ay pipili ang guro na magbibigkas ng mga salitang ipapakita ng guro sa PowerPoint. • Malinang ang kasanayan sa pagbigkas at tamang pagbigkas ng salita • Matukoy ang mga salitang may kahulugan sa konteksto • Mahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa tamang pagbigkas ng mga salita gamit ang wastong diin, antala, at intonasyon upang maging malinaw at epektibo ang kanilang pagsasalita.

METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalarawan ng metodolohiya na ginamit sa pag-aaral. Kabilang dito ang disenyo ng pananaliksik, lokasyon ng pagsusuri, mga kalahok sa pananaliksik, mga kagamitan sa pagkuha ng datos, pamamaraan ng pagkuha ng impormasyon, pagsusuri ng datos at mga estadistikal na kasangkapan. Upang makamit ang masusing pang-unawa, ang pagkakaroon ng isang maayos at matibay na programa ay magdudulot ng mataas na kalidad sa pagganap ng mga mag-aaral, at ang tamang estratehiya ay pagtitibayin ng mananaliksik para sa pagsusuring ito.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pre-eksperimental na disenyo ay isang pinakasimpleng anyo ng disenyo ng pananaliksik na sumusunod sa mga batayang hakbang sa eksperimento. Hindi ito nagtataglay ng mga grupong pinaghahambing, bagkus isang grupo lamang ang nilalapatan ng tiyak na pag-aaral. Layunin nito ay upang matukoy ang interbensyon ng mananaliksik sa isang grupo ng mga tao upang malaman kung ang paglapat at pagpapatupad sa oras at pondo para isagawa ang tunay na eksperimento ay makabuluhan para sa pag-aaral na ito. ang pre-eksperimental na disenyo ay ginagamit upang obserbahan ang epekto ng interbensyon sa isang tiyak na grupo, kahit na walang kontroladong kondisyon o paghahambing sa ibang grupo. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pre-eksperimental na disenyo

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

upang maisagawa ang aksyon na pananaliksik na sumusukat sa epekto ng interbensyong ito. Ang mananaliksik ay pumili ng isang seksyon mula sa ikawalong baitang ng Asuncion National High School bilang mga respondente. Ang pangkat ay sasailalim sa pre-test upang matukoy ang kanilang antas ng kasanayan bago ang interbensyon. Ang Piling Salita Pilipit Dila, na isinagawa sa loob ng isang buwan, ay naglalayong mapaunlad ang kakayahan ng mag-aaral sa pagbasa, pagbigkas, at paglinang ng salita (Calderon at Gonzales 2022).

Mga Kalahok sa Pananaliksik

Ang mga respondente ng pananaliksik na ito ay 27 mag-aaral sa ikawalong baitang ng Asuncion National High School para sa taong panuruan 2024–2025. Ginamit ang *purposive sampling*, isang uri ng *non-probability sampling* kung saan ang mga kalahok ay pinili batay sa mga tiyak na katangiang kinakailangan upang matugunan ang layunin ng pag-aaral ni Babbie (2020). Tinatawag din itong *judgmental sampling* sapagkat ang pagpili ay nakabatay sa pagpapasya ng mananaliksik sa kung sino ang may pinakamalaking potensyal na makapagbigay ng makabuluhang datos.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng isang tseklist upang mataya ang antas ng pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbigkas ng mga mag-aaral. Ang nasabing tseklist ay hinango mula sa pag-aaral nina Narwana, A. et al. (2020) na pinamagatang *"The Effectiveness of Tongue Twisters Strategy to Increase the Students' Speaking Ability."* Layunin ng tseklist na ito na magsilbing instrumento sa pagsusuri at pagtataya ng pagbabago at pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbigkas, partikular sa kanilang kasinupan, linaw, at kasanayan sa pagsasalita**.** Ang batayan ng pagbuo ng tseklist ay ang Barnell Loft Diagnostic Test, na isang kilalang gabay sa larangan ng *language assessment*, na tumutulong sa mga guro upang masukat nang mas sistematiko ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa pagsasalita at pagbasa.

Range of Means	Katumbas na Deskripsyon	Interpretasyon
91-100	Napakataas	Ang mag-aaral ay nag-iingat sa pagbigkas ng halos lahat ng mga salita sa buong gawain, hindi alintana kung gaano kahirap ang mga ito. Tinututukan ang tamang bigkas ng bawat salita upang mapabuti ang kasanayan sa pagsasalita.
76-90	Mataas	Ang mag-aaral Maingat sa pagbigkas ng mga salita sa, kahit na mahirap ang mga ito, bagamat nakagagawa pa rin ng mga pagkakamali.
61-75	Katamtaman	Ang mag-aaral ay nag-iingat sa pagbigkas ng mga salita, ngunit hindi sa lahat ng mga salita. Maaaring pumili lamang siya ng mga salitang mahirap bigkasin o yaong may mas komplikadong tunog upang ma-praktis.
51-60	Mababa	Ang mag-aaral ay sinusubukang maging maingat sa pagbigkas ng mga salita, ngunit hindi sa lahat ng mga salita. Kadalasan, ito ay nangyayari lamang sa ilang mga salita na mahirap bigkasin.
0-50	Napakababa	Ang mag-aaral ay hindi maingat sa pagbigkas ng mga salita habang nagsasagawa ng aktibidad sa pagsasalita. Gayunpaman, nagagawa niyang maunawaan siya ng mga tao, sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga salita, paggamit ng galaw, o pag-uulit ng kanyang sinasabi.

Pamamaraan

Ayon kay Fraenkel et al. (2019), mahalaga ang maingat na pagpili ng mga angkop na pamamaraan sa pangangalap ng datos upang matiyak ang katumpakan at pagiging maaasahan ng impormasyon. Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mga mananaliksik ng *one-group pre-test-posttest design* upang masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino.

Isinagawa ang pre-test upang matukoy ang panimulang antas ng pagbigkas, pag-unawa, at pagbasa ng mga piling salita. Matapos nito, ipinatupad ang interbensyong *PiliSalita Pilipit Dila*, isang buwang programa na binubuo ng mga ehersisyong tumatalakay sa mga salitang may diptonggo, malapatinig, at pinaikling salita.

Pagkatapos ng interbensyon, isinagawa ang post-test upang masukat ang naging pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang resulta ng dalawang pagsusulit ang ginamit upang suriin ang bisa ng interbensyon sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pagsasalita ng Filipino.

Istatistikal na Tritment ng mga Datos

Ang mga sagot sa bawat bilang ng mga talatanungan ay itala nang naayon sa layunin ng pag-aaral. Ang resulta ay susuriin at bibigyang-pang papakahulugan gamit ang istatistikal tool sa pagkalkula ng mga datos upang masukat ng mananaliksik na may 0.05 na antas ng katiyakan.

***Mean*.** Ginamit ito upang kalkulahin ang kabuoang datos ng baryabol sa pag-aaral, nang sa gayon ay malaman ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa *pre-test* at *post-test*.

***Standard Deviation*.** Sinukat nito ang pagkakaiba-iba ng mga puntos ng mag-aaral mula sa mean upang matukoy kung gaano

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kalawak ang pagkalat ng kanilang mga resulta sa *pre-test* at *post-test*.

Paired T-Test. Ginamit ito upang suriin ang istatistikal na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo o kondisyon. Ito rin ay nakatulong upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba sa pre-test at post-test ng mga mag-aaral na nasa baitang 8 ng Asuncion National High School kaugnay sa kaalaman nito sa wastong pagbigkas ng mga salita sa Filipino.

Cohen's d. Ginamit ito upang sukatin ang laki ng epekto ng interbensyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng Cohen's d, natukoy kung gaano kalakas ang epekto ng wikang Filipino sa pagpapahusay ng kanilang kaalaman sa pagbigkas ng mga salita.

Pag-aanalisa sa Datos

Ang pagsusuri ng datos ay isang mahalagang bahagi ng pananaliksik sapagkat ito ang nagbibigay-linaw sa mga impormasyong nakalap mula sa mga kalahok. Sa pag-aaral na ito, ang mga datos ay nagmula sa pagbigkas ng mga mag-aaral ng Baitang 8-Acacia sa Asuncion National High School, na pinakinggan at inobserbahan ayon sa itinakdang pamantayan. Ang mga resulta ay inihanay at pinagsama-sama upang makita ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa kanilang pagganap bago at pagkatapos ng interbensyon.

Sa pagsusuri, isinagawa ang masusing pagsasaayos ng datos upang maipon ang mga mahalagang detalye. Sa prosesong ito, pinili lamang ang mga bahagi ng datos na may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Ang mga obserbasyon ay inilista at pinangkat sa mga tiyak na kategorya, na siyang nagbigay-daan sa mas maayos na pag-unawa sa nilalaman ng kanilang naging pagbigkas.

Gamit ang rubrik na batay sa Barnell Loft Diagnostic Test, inisa-isa ang mga elemento ng pagbigkas ng bawat mag-aaral. Mula rito, napansin ang ilang pag-uulit ng mga anyo ng pagbigkas, mga aspeto ng pagbabago, at mga makabuluhang pagkakaiba na lumitaw sa pagitan ng paunang pagsusuri at pagsusuri pagkatapos ng interbensyon. Ang mga bahaging ito ang naging batayan ng mas malalim na pagtingin sa kanilang pag-unlad.

Sa halip na tuwirang bigyan ng interpretasyon ang bawat datos, mas piniling tingnan ang mga ugnayan at anyo na lumitaw sa kanilang natural na konteksto. Ang mga kaisipan ay lumitaw mula sa mga aktwal na sagot at kilos ng mga mag-aaral, na nagsilbing batayan sa paglalagom ng mga natuklasan sa pananaliksik. Sa ganitong paraan, nailahad ang mga resulta ng pag-aaral nang hindi tuwirang binibigyang-kahulugan, kundi hinayaang ang mga datos mismo ang magpahiwatig ng kanilang kahulugan.

RESULTA AT DISKUSYON

Inilalahad sa kabanatang ito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng datos sa antas ng mga puntos sa pagbigkas ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa pretest; ang antas ng mga puntos sa pagbasa ng mga mag-aaral sa post-test; at ang makabuluhang pagkakaiba ng mga marka ng pretest at post-test ng mga mag-aaral.

Layunin ng Pag-aaral No.1: Matukoy ang Antas ng Kahusayan sa Pagbigkas sa wikang Filipino ng mga mag-aaral ng ika-8 baitang bago ipatupad ang Interbensyon

Bilang tugon sa unang layunin ng pananaliksik, ginamit sa pag-aaral na ito ang isang tseklist na hinango mula sa Barnell Loft Diagnostic Test upang suriin ang kasanayan sa wastong pagbigkas ng mga salita sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Asuncion National High School, bago ipatupad ang PiliSalita Pilipit Dila bilang interbensyon sa pag-aaral. Ang nasabing tseklist ay binubuo ng sampung indikeytor na tumutukoy sa mga mahahalagang aspeto ng pagbigkas: *Short Vowels, Vowel Digraphs, Adding Endings, Vowel + r, Dipthongs, Syllable C.W., Syllable C.W., Syllable Pref/Suffix, Contractions, Common Endings, at All Principles.*

Batay sa isinagawang paunang pagsusuri o pre-test, malinaw na naipakita ang antas ng kasanayan sa wastong pagbigkas sa wikang Filipino ng 27 mag-aaral na kalahok sa pag-aaral. Ang grupo ay nakapagtala ng pangkalahatang mean score na 50.48, na nagpapahiwatig ng napakababang antas ng pagbigkas bago pa man ipinatupad ang interbensyon. Ang pinakamataas na marka ay 37, na nakuha ng tatlong mag-aaral na may 11.11% na bahagdan ng kabuuang bilang. Samantala, ang pinakamababang marka ay 27, na nakuha ng dalawang mag-aaral na may 7.41% na bahagdan. Ang pinakamadalas na nakuha o mode ay 29, na naitala ng apat na mag-aaral na may katumbas na 14.81%. Ipinapakita ng mga numerikal na datos ang kapansin-pansing pagkakaiba-iba sa antas ng pagbigkas ng mga mag-aaral, at tumutukoy sa *mode* bilang ang pinaka-karaniwang marka. Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mga bahagdan at marka na ang mga kalahok ay may napakababang antas ng kasanayan sa tamang pagbigkas ng mga salita sa wikang Filipino bago ang pagsasagawa ng interbensyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 2

Mean Average Score ng Pretest ng Kasanayan ng mag-aaral sa Pagbigkas ng wikang Filipino

Pre-test		
Score	**Frequency**	**Percentage**
27	2	7.41%
28	2	7.41%
29	4	14.81%
30	1	3.70%
31	2	7.41%
32	7	25.93%
33	1	3.70%
34	3	11.11%
35	1	3.70%
36	1	3.70%
37	3	11.11%
Total	27	100.00%

Bago ang interbensyon na ibinigay sa mga mag-aaral, tulad ng ipinakita sa Talahanayan 2, ang resulta ng paunang pagsusulit ay may 50.48, na may deskriptibong katumbas na mababa. Nangangahulugang ang mga kasanayan sa pagbigkas ng wikang Filipno ay bihira na naipapakita. Base sa resulta ay nangangailanagan pa ng pagsasanay ang mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang kakayahan sa pagpapa-unlad sa kasanayan sa pagbigkas ng wikang Filipino.

Makikita sa resulta ng paunang pagsusulit na may isang mag-aaral na nakakuha ng pinaka mababang puntos na 27 na kung saan may katumbas na antas na 7.41. Habang makikita rin sa resulta ng paunang pagsusulit na may isang mag-aaral ang nakakuha ng pinakamataas na puntos na 37 na kung saan may katumbas na antas na 11.11.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sinuportahan nina Asrul at Husda (2022), na nagpapatunay na mahalagang paunlarin ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pagbigkas. Ipinakita sa kanilang pananaliksik na ang sistematikong pagtuturo gamit ang mga tunog ng salita (*phonetics*) ay epektibong nakatutulong sa mga mag-aaral upang mas malinaw at tama nilang mabigkas ang mga salita sa target na wika. Bukod dito, napatunayan din na ang ponetikong pamamaraan ay nakapagpapataas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita at nakatutulong sa kanilang oral na komunikasyon sa loob ng klase. Binibigyang-diin ng mga resulta ang kahalagahan ng epektibong estratehiya sa pagtuturo upang malinang ang kasanayang lingguwistiko ng mga mag-aaral.

Bilang karagdagang suporta, ayon kay Prombut (2024), ang tamang pagbigkas ay may malaking papel sa tagumpay ng mga mag-aaral, hindi lamang sa aspeto ng kanilang akademikong pagganap, kundi pati na rin sa kanilang propesyonal na buhay. Ipinapakita sa kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may kahinaan sa kasanayan sa pagbigkas ay maaaring makaranas ng mga hadlang sa epektibong komunikasyon, na maaaring magdulot ng limitadong mga oportunidad sa kanilang hinaharap na karera at pakikipag-ugnayan sa lipunan.

Talahanayan 3

Buod ng Marka at Deskripsyon ng Kasanayan ng mga mag-aaral sa Pagbigkas ng Wikang Filipino bago ipatupad ang Interbensyon

Pre-test		
Indikeytors	**Average Percentage Scores (%)**	**Deskripsyon**
Short Vowels	37.04%	Napakababa
Vowel Digraphs	50.00%	Napakababa
Adding Endings	42.59%	Napakababa
Vowels + r	40.74%	Napakababa
Dipthongs	43.39%	Napakababa
Syllable C.W.	55.56%	Mababa
Syllable Pref/Suffix	58.02%	Mababa
Contractions	55.56%	Mababa
Common Endings	56.48%	Mababa
All Principles	65.37%	Katamtaman
Overall Percentage Score (%)	**50.48%**	**Napakababa**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang pananaliksik na ito ay tumukoy sa mga indikeytor na ginamit upang matugunan ang tamang pagbigkas ng mga salita sa Filipino. Ayon kay Hasyim et al. (2022), mas mahusay ang pagbigkas ng mga mag-aaral sa maikling patinig kaysa sa mahahabang patinig, na nagpapakita ng kahalagahan ng maikling patinig sa malinaw na tunog, lalo na sa mga simpleng salitang may *CVC* na estruktura. Sinusuportahan ito nina Fadhillah at Mobit (2020), na nagsabing ang paghasa sa maikling patinig ay nakababawas ng pagkakamali dulot ng impluwensya ng unang wika at nagpapalakas ng pundasyon sa pagbasa at pagbigkas.

Kasunod nito, isa pang mahalagang indikeytor ay ang pagbigkas ng *vowel digraphs*, na tumutulong sa mas epektibong komunikasyon. Ayon kay Putra (2023), ang *phonics instruction* ay epektibo sa pagpapabuti ng pagbigkas ng mga salitang may *vowel digraphs*, habang ipinakita nina Gokdemir et al. (2024) na ang kakayahang ito ay nakadepende sa *phonological memory*, *spelling knowledge*, at *reading skills*, lalo na sa pagbasa ng *nonwords*.

Pangatlo, mahalaga ring isaalang-alang ang diptonggo bilang indikeytor sa tamang pagbigkas. Sa pag-aaral nina Ponidi et al. (2021), lumitaw na bagaman may mga diptonggong tama ang bigkas ng mga mag-aaral, may tunog pa ring nagiging sanhi ng kamalian. Pinatibay ito nina Firghy et al. (2021), na nagsabing ang diptonggo ang isa sa pinakamahirap bigkasin at nangangailangan ng malinaw at nakatuong pagtuturo upang mapabuti ang kasanayan at kumpiyansa sa pagbigkas ng wika.

Sa kabilang dako, ang kombinasyong patinig + /r/ ay mahalaga sa pag-aaral ng ponolohiya at morpoponemika ng Tagalog. Ayon kina Bautista at Gonzales (2020), ang tunog na /r/ na sinusundan ng patinig ay may likaw ng dila (rrl) na nagbibigay ng natatanging kalidad sa pagbigkas at nakaaapekto sa diin at intonasyon. Samantala, ipinakita nina Reyes at Dela Cruz (2021) na ang ganitong anyo ay may mahalagang papel sa morpoponemikong estruktura, lalo na sa reduplikasyon at pagbibigay-diin. Upang mapaunlad ang kasanayan sa tamang pagbigkas, inirerekomendang gamitin ang mga estratehiyang tulad ng *tongue twisters* at *multisensory* na pagtuturo.

Ang pantig na may estruktura ng *C.V (Consonant + Vowel)* ay pangunahing bahagi ng ponolohiya ng Tagalog. Ayon kina Santos at Villanueva (2019), ang simpleng pattern na ito ay karaniwan sa wika at nakatutulong sa malinaw na pagbigkas, ritmo, at intonasyon. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Cruz at Mendoza (2021) na mahalaga ang pag-unawa sa *C.V pattern* sa pagtuturo ng pagbasa at pagsulat, lalo na sa mga batang nagsisimulang matuto. Ito rin ang pundasyon sa pagbuo ng mga salita at sa epektibong estratehiya sa pagtuturo ng tamang pagbigkas at baybay.

Sa pag-aaral ng wika, mahalagang unawain ang papel ng mga panlapi sa pagbubuo ng kahulugan ng salita. Ipinakita nina Sonbul at El-Dakhs (2024) na ang mga panlaping tulad ng "ma-" at "-an" ay nakatutulong sa pag-unawa ng mas komplikadong salita. Samantala, ayon kina Dabouis at Fournier (2023), ang mga pantig bilang prefix o suffix ay nakaaapekto sa diin, haba ng patinig, at pagbigkas, na may epekto sa kahulugan. Inirerekomenda rin nila ang mas malalim na pag-aaral sa iba't ibang diyalekto ng Tagalog.

Malinaw na pagbigkas ng tunog ay mahalaga sa isang salita upang maiwasan ang kalituhan Rashidova & Khilola, (2024). Kabilang dito ang tamang diin, tulad ng pagkakaiba sa báhay at baháy, at ang intonation na nagpapahayag ng emosyon. Samantala, binigyang-diin ni Madrid Valencia (2024) ang kahalagahan ng tamang galaw ng dila, labi, at lalamunan para sa wastong tunog, pati na rin ang rhythmic timing para sa natural na pananalita. Epektibo rin ang repetition at modeling para sa mga nag-aaral ng Filipino bilang pangalawang wika.

Layunin ng Pag-aaral No. 2. Matukoy ang Antas ng Kahusayan sa Pagbigkas sa wikang Filipino ng mga mag-aaral ng ika-8 baitang pagkatapos Ipatupad ang Interbensyon

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang mga resulta ng post-test na isinagawa sa 27 mag-aaral mula sa eksperimentong grupo, na sumusukat sa kanilang kasanayan sa pagbigkas ng wikang Filipino matapos ang isinagawang interbensyon. Batay sa datos, ang katamtamang porsyento ng marka ay 80.65%, na nagpapahiwatig ng bahagyang pagtaas sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral kumpara sa pretest. Ipinapahiwatig nito na ang kasanayan sa pagbigkas ng mga mag-aaral ay mas naipapamalas na, bagamat hindi pa sa pinakamataas na antas. Sa bahaging frequency, ang iskor na 6 ang pinakamaraming nakamit, na may katumbas na 22.22% ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral. Samantala, ang pinakamababang iskor ay 1, na nakuha ng isang mag-aaral, na may porsyentong 3.70%. Kapansin-pansin din na ang iskor na 1 ang pinaka-madalas na lumabas, na may parehong porsyento na 3.70%, na maaaring nagpapahiwatig na mayroon pa ring ilang mag-aaral na nahirapang umangat ang kasanayan sa kabila ng interbensyon.

Talahanayan 4

Mean Average Score ng Post-test ng Kasanayan ng mag-aaral sa Pagbigkas ng wikang Filipino

Post-test		
Score	**Frequency**	**Percentage**
45	1	3.70%
46	6	22.22%
47	5	18.52%
48	3	11.11%
49	2	7.41%
50	5	18.52%

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

51	3	11.11%
54	1	3.70%
56	1	3.70%
Total	27	100.00%

Pagkatapos sa pagpapatupad ng interbensyon ng *Piling Salita Pilipit Dila*, na nakatuon sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbigkas ng wikang Filipino na nakabatay sa mga aktibidad, ang resulta ng post-test ay 80.65, na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng pagganap. Ito ay nangangahulugang may malaking epekto sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbigkas ng wikang Filipino ang mga interbensyong ginawa dahil sa pagtaas ng kanilang performance mula sa pretest. Naipapakita na ang mga mag-aaral ay nagtataglay na ngayon ng napakakasiya-siyang kasanayan sa pagbigkas ng wikang Filipino na may tamang ornagisasyon, nilalaman, bokabolaryo, akmang wika, tamang pamamaraan. Iminumungkahi nito na positibong naapektuhan ng interbensyon ang kanilang mga kasanayan sa pagbigkas ng wikang Filipino.

Makikita sa panghuling pagsusulit na ang nakuhang pinakamababang puntos ay 45 na kung saan, isang mag-aaral lamang at may katumbas na antas na 3.70. Habang ang nakuhang pinakamataas na puntos naman ay 56, na kung saan dalawang mag-aaral ang nakakuha at may katumbas na antas na 3.70

Ipinapakita sa pag-aaral ni Albaladejo (2022) na ang paggamit ng mga estratehiya tulad ng pagninilay sa mga tunog ng salita, pagpapraktis ng tamang intonasyon at stress, at ang paggamit ng mga teknolohiyang katulad ng mga audio recording at speech recognition software ay nagdulot ng makabuluhang pagpapabuti sa kasanayan ng mga mag-aaral sa tamang pagbigkas. Binanggit din ni Albaladejo na ang mga mag-aaral na aktibong gumagamit ng mga stratehiyang ito ay nagkaroon ng mas mataas na kumpiyansa sa kanilang kasanayan sa pagsasalita at naging mas epektibo sa komunikasyon, hindi lamang sa klase kundi pati na rin sa kanilang mga aktibidad sa unibersidad. Ang kanyang pag-aaral ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng paggamit ng tamang estratehiya sa pagtuturo upang mapabuti ang kasanayan sa pagbigkas ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa positibong epekto sa kanilang akademikong pagganap at personal na komunikasyon.

Ayon naman kay Farhat (2019), napatunayan sa kanyang pag-aaral na ang paggamit ng mga teknolohiyang tulad ng software at aplikasyon para sa wika, partikular ang *Computer-Assisted Language Learning* (CALL), ay may positibong epekto sa kasanayan ng mga mag-aaral sa tamang pagbigkas. Ipinakita ng resulta ng kanyang pananaliksik na ang CALL ay nakatutulong sa pagpapabuti ng pronunciation skills ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga interactive na gawain, gaya ng pagsasanay sa tunog ng mga salita at pagbibigay ng agarang feedback sa kanilang pagbigkas. Bukod dito, binanggit din ni Farhat na ang paggamit ng CALL ay hindi lamang nakatulong sa pagpapabuti ng pagbigkas, kundi nagbigay din ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magsanay ng wika sa kanilang sariling bilis at oras, na nagdulot ng mas mataas na motibasyon at tiwala sa sarili.

Talahanayan 5

Buod ng Marka at Deskripsyon ng Kasanayan ng mga mag-aaral sa Pagbigkas ng Wikang Filipino bago ipatupad ang Interbensyon

Indikeytors	Post-test Average Percentage Scores (%)	Deskripsyon
Short Vowels	71.85%	Katamtaman
Vowel Digraphs	83.33%	Mataas
Adding Endings	73.46%	Katamtaman
Vowels + r	71.11%	Katamtaman
Dipthongs	69.31%	Katamtaman
Syllable C.W.	87.65%	Mataas
Syllable Pref/Suffix	87.65%	Mataas
Contractions	87.65%	Mataas
Common Endings	86.11%	Mataas
All Principles	88.33%	Mataas
Overall Percentage Score (%)	**80.65%**	**Mataas**

Mahalaga rin ang papel ng pantig bilang panlapi sa morpolohiya ng salitang Filipino. Ito ay ayon kina Santos at Villanueva (2022), ang mga pantig gaya ng *ma-* at *-an* ay nagpapalawak ng kahulugan at nakababago ng bahagi ng pananalita. Sa kabilang dako, ipinunto nina Cruz at Mendoza (2022) ang morpoponemikong epekto ng mga ito, gaya ng pagbabago sa diin at pagbigkas, na may direktang implikasyon sa kahulugan. Iminungkahi rin nila ang pagsusuri sa mga ito batay sa rehiyonal na gamit ng wika.

Ang pagpapaikli ng salita ay mahalaga sa paglinang ng katatasan sa pagbasa at pagsulat dahil nakatutulong ito sa natural na daloy ng wika, lalo na sa pagsasanay sa tamang bigkas at pag-intindi ng pinaikling anyo ng mga salita. Ayon kay Ehri (2020), ang pagtuturo ng pagpapaikli ng salita bilang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

bahagi ng sistematikong phonics instruction ay nakatutulong sa mas mabilis na pagkilala ng mga salita at pag-unawa sa kahulugan sa konteksto. Dagdag pa rito mula sa pag-aaral ni Pallathadka (2022), ang pagsasanay sa mga salita at aktibidad sa katatasan sa pagsasalita, kabilang ang pag-unawa sa pinaikling salita, ay epektibong paraan upang mapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mabilis at natural na pagbasa na may mas malalim na pag-intindi sa nilalaman.

Ang mga salitang may parehong hulapi tulad ng -s, -ed, at -ing sa ingles ay may malaking papel sa pag-unawa ng istruktura ng salita at pagbuo ng tamang gramatika. Sa pag-aaral ng *International Literacy Association* (2018), binigyang-diin ang kahalagahan ng pagtuturo ng mga hulaping ito upang matutunan ng mga mag-aaral ang disenyo sa pagbasa at pagbaybay. Bukod dito, ipinaliwanag ni Ehri (2020) na ang pag-unawa sa mga karaniwang hulapi ay nakakatulong upang matukoy ang bahagi ng pananalita at tamang pagbigkas ng mga salita.

Samantala, ang pagdaragdag ng mga hulaping tulad ng -an ay kritikal sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapahusay ng kasanayan sa pagbabaybay ng mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral nina Smith at Garcia (2021) mula sa *Journal of Literacy Education*, ang pag-aaral ng mga pagbabago sa salita kapag dinadagdagan ng hulapi ay mahalaga sa pag-unawa ng morphemic structure at sa pagbuo ng mga salita sa pangungusap. Dagdag pa rito, ipinakita ni Lopez (2019) na ang pagtuturo ng pagdaragdag ng mga hulapi ay nakatutulong sa paglinang ng bokabularyo at pang-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral.

Layunin ng Pag-aaral No. 3. Ang Makabuluhang Pagkakaiba ng Kahusayan sa Pagbigkas sa wikang Filipino bago at pagkatapos ipatupad ang Interbensyon
Ipinakita sa talahanayan 5 ay ang resulta ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga marka ng pretest at post-test, Isinagawa ang paired samples t-test upang suriin ang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test (M = 10.17, SD = 4.40) at post-test (M = 17.52, SD = 3.63) na marka ng 27 na mag-aaral. Ipinaliwanag ng resulta ang makabuluhang pagtaas sa pagganap pagkatapos ng interbensyon, t (28) = 23.92, p < .001, na may napakalaking epektong sukat (Cohen's d = 4.44, SE = 0.22). Ang mean difference na 7.35 (95% CI [6.70, 8.00]) ay nagpapatunay na ang pag-unlad ay hindi maaaring atribyutin sa pagkakataon.

Ipinakita ng resulta na ang halaga ng posibilidad (p < .001) ay mas mababa kaysa sa itinakdang antas ng kahalagahan. Bunsod nito, tinatanggihan ang null hypothesis. Ipinapahiwatig nito na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test, na nangangahulugang naging epektibo ang isinagawang PiliSalita Pilipit Dila na interbensyon sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbigkas ng wikang Filipino. Dagdag pa, ang Cohen's d na 4.44 ay nagpapakita ng napakalakas na praktikal na epekto ng interbensyon sa pagbigkas ng wikang Filipino. Iminumungkahi ng datos na ang Piling Salita Pilipit Dila ay mabisang paraan sa pagpapataas ng kasanayang pangwika.

Talahanayan 5.
Makabuluhang pagkakaiba ng mga puntos sa pagitan ng Pretest at Post-test.

Paired Samples T-Test

Measure 1		Measure 2	t	df	p	Cohen's d	SE Cohen's d
POST-TEST	-	PRE-TEST	23.921	28	< .001	4.442	0.224

Note. Student's t-test.

Batay sa resulta ng pagsusuri, lumitaw na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga marka sa pre-test at post-test ng mga mag-aaral. Mula sa mababang antas ng kasanayan sa pagbigkas na naitala sa pre-test, malinaw na tumaas ang kanilang antas ng kakayahan sa post-test matapos ang implementasyon ng interbensyong *PiliSalita Pilipit Dila*. Ang pagtaas ng marka ay nagpapakita ng positibong epekto ng interbensyon sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbibigkas, gaya ng tamang pagbigkas ng mga salita, tamang diin, at mas malinaw na artikulasyon ng kaisipan.

Talahanayan 6.
Descriptives

	N	Mean	SD	SE	Coefficient of variation
POST-TEST	29	17.517	3.631	0.674	0.207
PRE-TEST	29	10.172	4.400	0.817	0.433

Sa katunayan, ilang mananaliksik ang nag-imbestiga kung paano mapapahusay ang mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pagbigkas gamit ang interbensyong *Pilisalita Pilipit Dila* Pinatunayan ito ni Recto (2024), ayon sa kanya, ang kakayahan sa pagbigkas ay may makabuluhang kaugnayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. ang kasanayang pagbigkas ay may mahalagang papel sa pag-unawa at epektibong komunikasyon ng mga mag-aaral. Sa kanyang pag-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

aaral, natuklasan na may positibong kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pagbigkas at pag-unawa sa pagbasa, at binigyang-diin na ang mga gawaing tumutok sa pagbigkas ay nakatutulong hindi lamang sa teknikal na aspeto kundi maging sa pagpapalakas ng tiwala sa sarili at pagpapabuti ng pagganap sa akademiko.

Dagdag pa, ayon naman kay Wrucke-Nelson (2021), ang mga gawaing nakatuon sa kasanayang pagbigkas ay maaaring magbigay inspirasyon sa mga mag-aaral na ilabas ang kanilang imahinasyon at malikhaing pag-iisip. Sa pamamagitan ng pagbigkas naipapahayag nila ang kanilang damdamin, opinyon, at karanasan sa mas makabuluhan at personal na paraan.

Layunin sa Pag-aaral No. 4. Pananaw ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng interbensyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbigkas sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-8 baitang.

Bilang pagtugon sa ikaapat na tanong sa pananaliksik, isinagawa ang masusing panayam sa mga kalahok kung saan ginamit ang mga *probing questions* upang mas mailahad nila ang kanilang karanasan at obserbasyon sa interbensyong *PiliSalita Pilipit Dila*. Ibinahagi nila ang naging epekto ng programa sa kasanayan sa pagbigkas sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang. Mula sa kanilang mga tugon, lumitaw ang limang pangunahing tema: (1) Hamon sa wastong diin at intonasyon sa pagbigkas ng malalim na salita, (2) pagsasanay sa pagbigkas ng mga salita ay kinakailangan, (3) Iminungkahi ang Interaktibong pagkatuto sa klase, (4) Nakatutulong sa pagpapalakas ng tiwala sa sarili, at (5) paggamit ng aplikasyon sa pagsasanay.

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Hamon sa Wastong Diin at Intonasyon sa Pagbigkas ng Malalim na Salita	• *Isa sa mga pangunahing hamon ko ay ang maling pagbigkas ng ilang salita dahil sa kakulangan sa kaalaman sa tamang diin at bigkas. (IDI-01)* • *Kahirapan sa wastong pagbigkas ng mga salitang Filipino na may mga tunog na hindi gaanong pamilyar sa akin. (IDI-02)* • *Isa sa mga hamon na nararanasan ko ay ang pabigkas ng mga salitang may malalim o hindi pamilyar na kahulugan. Nahirapan din akong kontrolin ang tamang diin at intonasyon. (IDI-04)* • *Ilan sa mga hamon na aking naranasan ay ang pagbigkas ng mga salitang may malalim na kahulugan, paglalapat ng tamang diin at intonasyon, at ang kaba o nerbiyos sa tuwing kailangang magsalita sa harap ng klase. (IDI-08)* • *Isa sa mga hamon ay ang hirap sa wastong pagbigkas ng ilang malalim na salita. Nahihirapan din akong mapanatili ang tamang intonasyon at ritmo sa pagbibigkas. (IDI-09)* • *Nahihirapan ako sa pagbigkas ng mga salita lalo na sa tamang tono o bigkas ng isang salita. (IDI-10)*
Pagsasanay sa Pagbigkas ng mga Salita ay Kinakailangan	• *Nalampasan ko ito sa pamamagitan ng masigasig na pagsasanay, pakikinig sa mga tamang halimbawa ng pagbigkas at pagtanggap ng mga punLa mula sa guro at kapwa ko mag-aaral. (IDI-01)* • *Pagsasanay at paghubog ng aking mga kasanayan sa wikang Filipino. (IDI-05)* • *Nalampasan ko ang mga hamon sa pamamagitan ng masigasig nap ag-eensayo, pakikinig sa mga tamang pagbigkas, paulit-ulit na pagbigkas ng mga salitang Filipino. (IDI-09)* • *Nalampasan ko ang mga hamon sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay, pakikinig ng tamang pagbigkas (IDI-10)*
Iminungkahi ang Interaktibong Pagkatuto sa Klase	• *Iminumungkahi kong magkaroon ng higit pang interaktibong aktibidad tulad ng balagtasan, spoken poetry, flashcard na laro upang masanay ang mga kapwa ko mag-aaral sa pagbigkas ng wikang Filipino. (IDI-01)* • *Mungkahi ko po na sana mas madalas kaming mabigyan ng pagkakataong magsalita sa klase sa pamamagitan ng mga aktibidad gaya ng roleplaying, talumpati at spoken poetry. Nakakatulong kasi ito para masanay kami sa tamang pagbigkas at mabawasan ang hiya. (IDI-04)* • *Ang rekomendasyon ko po ay sana mas bigyan ng pansin ang tamang pagbigkas ng mga salita sa klase at mabigyan kami ng pagkakataon magsalita sa klase sa pamamagitan ng aktibidad at talumpati. (IDI-06)*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

	• *Inirerekomenda ko ang mas madalas na paggamit ng wikang Filipno sa Paaralan at sa Tahanan pati na rin ang pagsasama ng mga aktibidad na nakatuon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbigkas. (IDI-07)* • *Bilang isang mag-aaral nais kong mabigyan pa ng pansin ang ganitong Gawain upang mahasa pa ang aming kasanayan sa pagbigkas tulad ng pakakaroon talumpati at pagbasa ng mga kuwento na galing sa libro. (IDI-10)*
Nakatutulong sa Pagpapalakas ng Tiwala sa Sarili	• *Malaki ang naitulong ng interbensyon sa aking tiwala sa sarili dahil sa mga pagsasanay, mas naging komportable akong magsalita sa harap ng iba at mas may kumpiyansa na akong gamitin ang wikang Filipino. (IDI-01)* • *Ang interbensyon ay nakatulong sa pagtaas ng aking tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagbigay ng regular na pagkakataon upang magsanay at mapabuti sa pagbigkas nagdulot ng pagtaas ng aking kumpiyansa. (IDI-02)* • *Malaki ang naitulong ng interbensiyon sa pagpapalakas ng aking tiwala sa sarili. Dahil tuloy-tuloy na pagsasanay at positibong feedback mas naging kumpiyansan akong mag salita sa harap ng maraming tao gamit ang wikang Filipino. (IDI-04)* • *Nakatulong ang interbensyon sa pagtaas ng aking tiwala sa sarili dahil sa Nakita kong pag-unlad sa aking kakayahan sa pagbigkas naging mas komportable na rin ako sa paggamit ng wikang Filipino. (IDI-07)* • *Malaki ang naitulong ng interbensyon sa aking tiwala sa sarili dahil sa bawat pagsasanay ay unti-unti kong naiaangat ang aking kakayahan at naiwasan ang kaba sa publiko. Nagkaroon ako ng mas positibong pananaw sa aking sariling kakayahan sa pagsasalita. (IDI-08)*
Paggamit ng Teknolohiya sa Pagsasanay sa Pagbigkas	• *Mas madali ko pong natutunan ang tamang pagbigkas ng mga salita gamit ang presentasyon na nagbibigay ng mabilisang pidbak. (IDI-02)* • *Nakakatulong po sa akin ang paggamit ng bidyo dahil nakikita ko kung paano gumagalaw ang bibig sa bawat tunog. (IDI-04)* • *Napapansin ko po na mas malinaw na ang pagbigkas ko dahil naitinatama ko agad ito gamit ang presentasyon na ipinakita. (IDI-07)*

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang mga resulta ng pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa naging epekto ng interbensyon sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagbigkas ng wikang Filipino. Ayon sa datos, naharap ng mga mag-aaral ang hamon ng wastong pagbigkas ng mga malalalim na salita. Ipinapakita rin na kinakailangan ang patuloy na pagsasanay sa pagbigkas, iminungkahi ang paggamit ng interaktibong pagtuturo sa klase, at napatunayang nakatutulong ito sa pagpapalakas ng kanilang tiwala sa sarili.

Hamon sa Wastong Diin at Intonasyon sa Pagbigkas ng Malalim na Salita

Mula sa mga pahayag ng mga kalahok lumitaw ang mga hamon sa wastong pagbigkas ng mga salitang Filipino, lalo na ang mga may malalim na kahulugan at ang paggamit ng tamang diin, tono, at intonasyon. Ang mga kalahok ay naglahad ng kanilang mga paghihirap sa pabigkas ng mga tunog na hindi pamilyar, pati na rin ang mga malalim at masalimuot na salitang Filipino na may kakaibang paraan ng bigkas at ritmo.

Ipinapakita ng kanilang mga pahayag ang pagkakaroon ng takot o kaba sa tuwing kinakailangan nilang magsalita sa harap ng klase, isang karaniwang karanasan ng mga mag-aaral na nahihirapan sa tamang bigkas. Mahalaga ang kabatiran sa tono upang makilala at magamit ang mga tunog at diin nang sa ganoon ay makamit ang tamang pagbigkas ng mga salitang Filipino, na madalas naiisip ng mag-aaral bilang mahirap at malalim.

Ayon kay Santiago (2019), ang mga mag-aaral ay kadalasang nahihirapan sa tamang pagbigkas ng mga malalim na salita at may pagkakaiba-ibang intonasyon, na nagiging sanhi ng takot sa pagsasalita sa harap ng klase. Itinatampok sa kanyang pag-aaral ang kahalagahan ng tuloy-tuloy na pagsasanay at positibong reinforcement mula sa guro at kaklase. Samantala, Binigbigyang-diin ni Torres (2023) ang mga karaniwang hamon ng mga mag-aaral sa wastong pagbigkas ng Filipino, kabilang ang mga salitang hindi pamilyar at mga tunog na may partikular na diin. Kanyang inirerekomenda ang paggamit ng mga interaktibong aktibidad upang malampasan ang takot at makamit ang tamang pagbigkas ng mga mag-aaral.

Pagsasanay sa Pagbigkas ng mga Salita ay Kinakailangan

Batay sa mga tugon ng mga kalahok mula sa *in-depth interviews* lumitaw ang isang mahalagang tema ukol sa kahalagahan ng masigasig na pagsasanay at pakikinig bilang pangunahing estratehiya sa pagtagumpay sa mga suliranin sa pagbigkas ng wikang Filipino. Inilahad ng mga kalahok na nalampasan nila ang mga hamon sa pamamagitan ng patuloy na pag-eensayo, pakikinig sa mga tamang halimbawa ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pagbigkas, at pagtanggap ng puna mula sa guro at kapwa mag-aaral.

kulang ang pagtutok sa tamang pagbigkas sa kasalukuyang kurikulum, kaya't mahalaga ang mga estratehiya sa pagsasanay sa pagsasalita upang mapabuti ang kasanayan sa pagbigkas, ito ay ayon kay Kilag et al., (2023), ang patuloy na praktis sa ponolohiya ay nakatutulong sa mas mabilis na internalisasyon ng wastong bigkas, diin, at intonasyon. Samantala, binigyang-diin ni Almario (2018) na ang paglinang ng kasanayang pasalita ay hindi lamang nakasalalay sa teorya kundi sa aktwal na paggamit at praktikal na gamit nito sa araw-araw.

Iminungkahi ang Interaktibong Pagkatuto sa Klase

Mula sa mga pahayag ng mga kalahok,malinaw na ang pangunahing mungkahi ay ang pagsasama ng mga interaktibong gawain gaya ng balagtasan*, spoken poetry*, talumpati, role-playing, at pagbabasa ng mga akdang pampanitikan upang mapaunlad ang kasanayan sa tamang pagbigkas ng wikang Filipino. Bukod dito, iminungkahi rin ng ilan na mas palawakin ang paggamit ng wikang Filipino sa paaralan at tahanan, bilang bahagi ng pagpapalalim ng kasanayang lingguwistiko.Ipinapakita ng mga mungkahing ito na ang aktibong partisipasyon sa mga gawaing pasalita ay hindi lamang nakatutulong sa teknikal na pagbigkas kundi maging sa pagpapaunlad ng kumpiyansa sa sarili, pagbabawas ng hiya, at pagpapaigting ng kasanayang komunikatibo.

Ayon kay Del Valle (2018), ang paggamit ng *performance-based tasks* tulad ng talumpati at *spoken poetry* ay epektibong paraan upang malinang ang kahusayan sa pagsasalita at pagbigkas dahil hinihikayat nito ang aktibong paggamit ng wika. Samantala, ayon kay Sicat (2020), ang pagkakaroon ng *linguistic immersion* sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na paggamit ng Filipino sa iba't ibang konteksto ay may may malaking ambag sa pagpapatatag ng kasanayan sa tamang pagbigkas at komunikasyon.malaking ambag sa pagpapatatag ng kasanayan sa tamang pagbigkas at komunikasyon.

Nakatutulong sa Pagpapalakas ng Tiwala sa Sarili

Mula sa mga tugon ng mga kalahok umusbong ang isang mahalagang tema: ang positibong epekto ng interbensyon sa pagtaas ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino, lalo na sa aspeto ng pagbigkas. Binanggit ng lahat ng kalahok na ang mga isinagawang pagsasanay at interaktibong aktibidad ay naging daan upang mapahusay hindi lamang ang kanilang kasanayang pasalita, kundi pati ang kanilang kumpiyansa sa sarili.

Ang regular na pagsasanay, pagbibigay ng komento o pidbak, at aktwal na *performance-based tasks* tulad ng pagtatanghal at pagsasalita sa harap ng klase ay nakatulong upang mabawasan ang kaba at takot, na sa bandang huli ay humantong sa mas positibong pananaw sa sariling kakayahan sa komunikasyon.

Ang patuloy na pagsasanay at positibong karanasan sa mga aktibidad na nakatuon sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbigkas ay hindi lamang tumutok sa teknikal na aspeto ng wika kundi sa pagpapalakas ng kumpiyansa sa sarili ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino. Ang mga pahayag mula sa mga kalahok ay nagpapakita ng pagtaas ng motibasyon at pagkakaroon ng mas positibong pananaw patungkol sa kanilang kakayahan na magsalita sa publiko, isang mahalagang aspeto ng komunikasyong pasalita.

Sa pag-aaral ni Schunk (2021), tinalakay ang kahalagahan ng *vicarious experiences* o ang mga karanasan ng iba na nagpapakita ng tagumpay. Sa kontekstong ito, ang pagtanggap ng pidbak mula sa guro at mga kaklase, pati na rin ang pag-obserba ng tagumpay ng iba sa mga aktibidad, ay nagbibigay sa mag-aaral ng pagkakataon upang makita na kaya rin nila ang magtagumpay at magamit ang Filipino nang maayos at may kumpiyansa. Ang pagtaas ng kumpiyansa ay nagiging pundasyon para sa mas malalim na pag-aaral sa wika at komunikasyon. Samantala, ayon kay Jocson (2018) Sa kanyang pag-aaral, itinatampok ni Jocson na ang mga aktibidad tulad ng *spoken poetry* at talumpati ay hindi lamang nakatutulong sa teknikal na aspeto ng wika kundi sa pagbawas ng *speech anxiety* at sa pagpapalakas ng tiwala sa sarili ng mag-aaral.

Paggamit ng Teknolohiya sa Pagsasanay sa Pagbigkas

Mula sa mga sagot ng mga kalahok, lumitaw ang isang mahalagang tema: ang positibong epekto ng teknolohiya sa pagsasanay sa pagbigkas ng wikang Filipino. Ayon sa kanila, malaking tulong ang paggamit ng mga digital na kagamitan sa pagpapabuti ng kanilang kasanayang pagsasalita. Bukod dito, nakatulong ang teknolohiyang ginamit upang mabigyan sila ng malinaw na gabay at pagkakataon sa paulit-ulit na pagsasanay, na nagresulta sa mas mabilis na pag-unlad ng kanilang pagbigkas at pagkatuto.

Nakatutulong ang paggamit ng teknolohiya sa pag-aaral ng pagbigkas dahil nagbibigay ito ng malinaw na gabay sa tamang tunog, diin, at intonasyon. Sa pamamagitan ng mga digital na kagamitan tulad ng presentasyon, video, at mga text-based na materyales, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataon na makita at masundan nang tama ang pagbigkas ng mga salita. Higit pa rito, ang paulit-ulit na pagsasanay gamit ang teknolohiya ay nagpapabilis ng pagkatuto at nagpapalakas ng kumpiyansa sa pagsasalita.

Bukod pa rito, ginamit ang teknolohiya hindi lamang para marinig kundi upang makita at masundan ng mga mag-aaral ang tamang pagbigkas ng mga salita. Ipinakita ang pagsusuri ng mga makabagong pamamaraan sa awtomatikong pagtatasa ng pagbigkas, na may layuning mapabuti ang pagbabasa ng mga estudyante, ito ay sa pag-aaral nina El K. et al., (2023) ang paggamit ng teknolohiyang may malinaw na teksto at visual cues ay nakatutulong sa tamang *intonation* at *phonemic clarity*. Dagdag pa ni Madrid Valencia (2024), ang pag-uulit at pagsabay ng mga mag-aaral sa binabasang teksto ay isang epektibong paraan upang mapaunlad ang kanilang pagbigkas. Sa ganitong paraan, nagiging mas interaktibo at malinaw ang proseso ng pagkatuto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Konklusyon

Batay sa isinagawang pag-aaral na pinamagatang PiliSalita Pilipit Dila: Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbigkas sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ika-8 Baitang sa Asuncion National High School, Bago pa man ipinatupad ang interbensyon na PiliSalita Pilipit Dila ay nagkaroon ng isang ng pre-test na kung saan ay nakitaan ng mababang marka na nagdulot ng mababang resulta ang mga mag-aaral sa pagbigkas ng wikang Filipino. Nailahad dito ang mga karaniwang suliranin ng mga mag-aaral, tulad ng kakulangan sa bokabularyo, hindi tiyak na pagbigkas, at kawalan ng kumpiyansa sa pagsasalita

Samantala, sa pagsasagawa ng *PiliSalita Pilipit Dila* bilang interbensyon, kapansin-pansin ang pagtaas ng marka ng mga mag-aaral sa post-test. Ipinakita ng datos na hindi lamang tumaas ang antas ng kanilang pagbigkas, kundi ay may tiwala rin sila sa kanilang sarili sa paggamit ng wikang Filipino. Ang pagtaas ng marka ay nagpapakita ng estadistikal na nagpapatunay na ang interbensyon ay may makabuluhang gamit at kilos tungo sa positibong resulta sa wastong pagbigkas ng wikang Filipino.

Sa kabilang dako, napalawak din ng interbensyon ang bokabularyo ng mga mag-aaral at nahasa ang kanilang kakayahan sa pagbuo ng mga ideya at malinaw na pagpapahayag na higit na kanilang kailangan. Pagkatapos na maisakatuparan ang interbensyon, nakikitaan nila ang mga sarili ng potensyal na hindi nila nailalabas at nagagawa sa naunang pagsusuri sa kanilang kasanayan.

Gayundin ay napatunayan ng pananaliksik na ito na ang *PiliSalita Pilipit Dila* bilang interbensyon ay may malaking ambag sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbigkas ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na nagbigay ng kani-kanilang pananaw na ang pagsasalita o pagbigkas ay may iba't ibang hamon sa wastong diin at intonasyon sa mga malalalim na salita, pagsasanay sa pagbigkas ng mga salita, mga mungkahing interaktibong pagkatuto sa klase, at bilang isang tulong sa pagpapalakas ng kanilang tiwala sa sarili.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pananaliksik na ito, inirerekomenda ang paggamit ng interbensyong PiliSalita Pilipit Dila upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa ika-8 baitang sa wastong pagbigkas ng mga salita sa wikang Filipino. Ang interbensyong ito ay nakatuon sa pagpapasigla ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, pagpapalalim ng kanilang pag-unawa, at paglinang ng kasanayan sa tuwirang pagsasalita gamit ang Filipino bilang midyum. Ang PiliSalita Pilipit Dila ay isang makabagong pamamaraan na gumagamit ng mga salitang may diptonggo, malapatinig, pinaikling salita, at mga ehersisyong nagpapahirap sa pagbigkas upang matulungan ang mga mag-aaral na masanay sa tamang galaw ng bibig at wastong pagbigkas ng mga salita. Sa pamamagitan nito, napapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagbigkas ng mga salitang Filipino na karaniwang matatagpuan sa mga aklat at babasahin.

Bukod dito, inirerekomenda ang pagsasagawa ng karagdagang aksyong pananaliksik upang masuri pa ang bisa ng interbensyong ito. Mahalaga rin na bigyan ng sapat na pagsasanay ang mga guro hinggil sa epektibong paggamit ng PiliSalita Pilipit Dila upang matiyak ang matagumpay na pagpapatupad nito sa mga silid-aralan. Sa ganitong paraan, magkakaroon ang mga guro ng kinakailangang kaalaman at kasanayan upang mapabuti ang pagtuturo ng wastong pagbigkas.

Hinihikayat din ang mga paaralan at institusyong pang-edukasyon na suportahan ang mas malalalim na pag-aaral upang matukoy ang pangmatagalang epekto ng interbensyong ito sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral, lalo na sa larangan ng pagbasa at paglinang ng kasanayan bilang mahusay na mambabasa. Sa kabuuan, ang PiliSalita Pilipit Dila ay may malaking potensyal bilang isang epektibong estratehiya sa edukasyon na maaaring magdulot ng mas mataas na kalidad ng pagkatuto, mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, at mas malalim na pag-unawa sa wikang Filipino.

TALASANGGUNIAN

1. *Aibek, N. (2021). The development of English language speaking skills for students of grade 9 under the conditions of distance learning. (3 (58)), 25-27.*
2. *Albaladejo Albaladejo, S. (2022). Improving the English pronunciation proficiency of university students through the use of pronunciation learning strategies. Proyecto de investigación. give the context*
3. *Almario, R. D. (2018). Pagtuturo ng Pasalitang Filipino: Teorya at Praktikal na Aplikasyon. [Aklat o Artikulo, Pangalan ng Institusyon o Tagapaglathala].*
4. *Ara, N., Mukadar, S., & Baduc, T. K. (2021). The effectiveness of tongue twister strategy to increase the students' speaking ability (Efektivitas strategi tongue twister untuk meningkatkan kemampuan berbicara siswa). Uniqbu Journal of Social Sciences, 1(3), 80–88.*
5. *Asrul, N., & Husda, A. (2022). Enhancing pronunciation skills through phonetic method. Al-Ishlah: Jurnal Pendidikan, 14(3), 4167-4176.*
6. *Barrun, J. S. & Sia, J. B. (2023). Teacher-Mediated Pronunciation Instruction: Its Effects on Enhancing the Oral Language Fluency of Seventh-Grade English Students. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and EducationResearch, 4(12), 1-15.*
7. *Bautista, M. L., & Gonzales, A. F. (2020). Phonological features of Tagalog rhotics: Variation and implications. Philippine Linguistics Journal, 15(2), 78-92.*
8. *Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2019). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.). SAGE Publications.*
9. *Cruz, A. T., & Mendoza, J. F. (2021). Pagtuturo ng Filipino sa Batang Nag-aaral: Papel ng Pantig na C.W. Filipino Language Education Review, 7(2), 88-102.*
10. *Del Valle, J. P. (2018). Performance-Based Tasks sa Pagtuturo ng Wikang Filipino: Epekto sa Kasanayan sa Pagsasalita at Pagbigkas. [Tesis di-nalathala, Pangalan ng Institusyon].*
11. *Ehri, L. C. (2020). The science of learning to read words: A case for systematic phonics instruction. Reading Research Quarterly, 55(S1), S45–S60*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

12. *El Kheir, Y., Ali, A., & Chowdhury, S. A. (2023). Automatic pronunciation assessment – A review. arXiv.*
13. *Fadhillah, M. F., & Mobit, M. (2020). EFL students' pronunciation error analysis on English short vowel sounds. English Ideas: Journal of English Language Education, 1(1), 1-11.*
14. *Farhat, P. A. (2019). The Effect of Computer Assisted Language Learning (CALL) on English Language Learners' Pronunciation in Secondary School in Pakistan.*
15. *Firghy, S. A. M., Bochari, S., Hastini, H., & Mukrim, M. (2021).*
Firghy, S. A. M., Bochari, S., Hastini, H., & Mukrim, M. (2021). Students' perceptions and problems in pronouncing English diphthongs. Premise: Journal of English Education, 10(2), 190–206.
16. *Flannelly, K. J., Flannelly, L. T., & Jankowski, K. R. B. (2018). Independent, dependent, and paired t-tests. Psychology and Behavioral Science International Journal, 8(5), 1–4.*
17. *Fraenkel, J. R., Wallen, N. E., & Hyun, H. H. (2019). How to design and evaluate research in education (10th ed.). McGraw-Hill Education.*
18. *Gokdemir, E. N., [Other Authors]. (2024). Pronunciation of vowel digraphs in nonwords: A replication and extension. [Journal Name], [Volume]([Issue]),*
19. *Gonzales, M. A. (2015). Epekto ng Repetisyon at Ponolohikal na Praktis sa Pag-unlad ng Kasanayan sa Pagbigkas ng mga Mag-aaral. [Tesis di-nalathala, Pangalan ng Institusyon].*
20. *Gumba, R. (2022). Language exposure and literacy challenges in regional Philippines. Philippine Journal of Language Education, 15(2), 45-58.*
21. *Hasyim, R., Fatma, F., Fitriani, F., & Irianty Tumbel, N. I. T. (2022). The students' ability in pronouncing long and short vowels in English vocabulary. International Journal of English and Applied Linguistics (IJEAL), 2(1), 49–53.*
22. *Jocson, E. M. (2018). Spoken Poetry at Talumpati: Epekto sa Kasanayang Pasalita at Tiwala sa Sarili ng mga Mag-aaral. [Tesis di-nalathala, Pangalan ng Institusyon*
23. *Kilag, M. A., Dela Cruz, J. P., & Santos, L. M. (2023). The Factors Affecting Filipino Grade 11–12 Students' Pronunciation. ResearchGate.*
24. *Kusumawardani, W., & Suwarti, T. S. (2022, September). The Use of Reading Aloud Technique to Improve Students' Speaking Skill: Study at 7th Grade of SMP N 37 Semarang in Academic Year 2021/2022.*
25. *Lopez, R. (2019). Teaching suffix addition to improve vocabulary and reading comprehension in elementary students. Journal of Educational Research, 22(4), 78–89.*
26. *Meneses et al., (2023) Philippine Policies in Native Language Learning and Literacy among High School Students. Asian Journal of Education and Social Studies.*
27. *Nguyen, T. H., & Nguyen, L. T. (2021). Pronunciation challenges in English language learning: A Vietnamese perspective. Journal of Language Teaching and Research, 12(3), 456-465.*
28. *Pallathadka, H. (2022). Word recognition and fluency activities' effects on reading comprehension: An Iranian EFL learners' experience. Education Research International, 2022, Article ID 4870251.*
29. *Ponidi, S., Sabarudin, S., & Arasuli, A. (2021).*
Ponidi, S., Sabarudin, S., & Arasuli, A. (2021). An analysis of diphthongs pronunciation of English education study program students at University of Bengkulu. Journal of English Education and Teaching (JEET), 5(2), 237–247.
30. *Prombut, T. (2024). Students' Achievement and Satisfaction in Using English Pronunciation Instruction Media: A Study among First-Year English Major Students at Prince of Songkla University, Pattani Campus. FOYER: The Journal of Humanities, Social Sciences, and Education, 7(2), 330-356.*
31. *Puspita, Nadia & Wachyudi, Kelik & Hoerniasih, Nia. (2023). Tongue Twister Method in Teaching Pronunciation: A Narrative Inquiry of Pre-Service English Teacher. Edukasiana: Jurnal Inovasi Pendidikan. 2. 197-203. 10.56916/ejip.v2i3.391.*
32. *Putra, Rizky. (2023). Deciphering English Vowel Digraphs: Pronunciation Challenges in the EFL Classroom. Pulchra Lingua: A Journal of Language Study, Literature & Linguistics. 2. 113-124. 10.58989/plj.v2i2.26.*
33. *Recto, M. (2024). Epekto ng Interbensyong Tanikalang Salita sa Kasanayan sa Pagbigkas at Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral. [Tesis o Artikulo, pangalan ng institusyon o publikasyon, kung meron].*
34. *Reyes, L., & Dela Cruz, P. (2021). Pronunciation instruction in multilingual classrooms: The case of Ifugao learners. Journal of Philippine Linguistics, 8(3), 112-126.*
35. *Riadil, I. G. (2020). A Study of students' perception: identifying EFL learners' problems in speaking skill. International Journal of Education, Language, and Religion.*
36. *Santiago, L. M. (2019). Pagsasanay sa Pagbigkas: Isang Pag-aaral sa mga Hamon at Solusyon sa Klasrum ng Filipino. [Tesis di-nalathala, Pangalan ng Institusyon].*
37. *Santos, R. P., & Villanueva, L. M. (2019). Ponolohiyang Tagalog: Estruktura at Kahalagahan ng Pantig. Journal of Philippine Linguistics, 14(1), 50-65.*
38. *Schunk, D. H. (2012). Learning theories: An educational perspective (6th ed.). Pearson. Shadish, W. R., Cook, T. D., & Campbell, D. T. (2021). Experimental and quasi-experimental designs for generalized causal inference (2nd ed.). Houghton Miffli*
39. *Sicat, M. L. (2020). Linguistic Immersion: Estratehiya sa Pagpapatatag ng Kasanayan sa Pagbigkas at Komunikasyon sa Filipino. [Artikulo sa Journal o Tesis, Pangalan ng Institusyon o Journal].*
40. *Smith, J., & Garcia, M. (2021). Understanding morphological changes in word formation: Implications for literacy education. Journal of Literacy Education, 15(2), 45–60.*
41. *Suksiri, S., & Chantarasombat, C. (2019). Factors affecting Thai EFL learners' speaking confidence. International Journal of English Linguistics, 9(4), 15-25.*
42. *Sunio, M. (2023). Teaching Filipino pronunciation in Maranao-speaking communities: Challenges and strategies. Asian Journal of Language Teaching, 10(1), 78-89.*
43. *Torres, R. A. (2023). Pagpapahusay sa Kasanayan sa Pagbigkas ng Wikang Filipino: Mga Estratehiya at Interbensyon. [Disertasyon o Artikulo, Pangalan ng Institusyon o Journal].*
44. *Tran, Du. (2024). Common English pronunciation problems among Vietnamese learners: A case of non-English majors. Multidisciplinary Reviews. 7. 2024224. 10.31893/multirev.2024227.*
45. *Wrucke-Nelson, L. (2021). Pagpapalawak ng Malikhaing Pag-iisip sa Pamamagitan ng Kasanayan sa Pagbigkas ng*